Setyembre 2026

Grenfell Tower Inquiry Government Progress Report: Buod ng Update

Inilathala noong ika-10 ng Setyembre 2026

Mga Nilalaman

Pangkalahatang ideya 2

Panimula 2

Iskedyul para sa pagpapatupad 2

Update ukol sa mas malawakang pagreporma 2

- Remediation o ang pagtitiyak na ligtas ang mga gusaling tinitirhan 2
- Mga reporma sa panlipunang pabahay o social housing 3
- Pagiging transparent at pangangasiwa 4

Buod ng update ng mga rekomendasyon 5

- Ang industriya ng konstruksyon 5
  - Single construction regulator 5
  - Reporma ukol sa mga produktong pang-konstruksyon 6
  - Mga inaprubahang dokumento 6
  - Mga Fire risk assessors 6
  - Mga fire engineer 7
- Mga Fire at rescue service 7
  - Kolehiyo ng Fire and Rescue 7
  - Pambansang paggabay, training at suporta 7
- Pagresponde at pag-recover 8

Pangkalahatang ideya

Tema	Bilang ng mga rekomendasyon	Isinasagawa pa	Nakumpleto na
Ang industriya ng konstruksyon	28	19	9
Mga Fire at rescue service	13	4	9
Pagresponde at pag-recover	14	7	7
Mga bulnerableng tao at mga rekomendasyon mula sa Phase 1	6	1	5
Kabuuan	**61**	**31**	**30**

Panimula

Ito ang pang-anim na update ukol sa progreso ng gobyerno kaugnay ng Grenfell Tower Inquiry Phase 2 recommendations.

Mula noong huling progress report noong Mayo 2026, napatupad namin ang 9 pang rekomendasyon.

Patuloy kaming nangangakong ipatupad ang lahat na 58 Phase 2 na rekomendasyon at ang 3 natitirang Phase 1 na rekomendasyon, at bigyang konsiderasyon ang mga natuklasan ng Inquiry.

Iskedyul para sa pagpapatupad

Umaasa pa rin kami na maipapatupad ang lahat ng mga rekomendasyon sa katapusan ng 2029. Ito ay dahil ang ilan sa mga aksyon ay mangangailangan ng bagong batas na ihaharap sa Parliament. Patuloy na inihahatid ang mga natitirang rekomendasyon.

Binigyan ng update ang iskedyul ng implementasyon upang maipakita ang pinakahuling mga katuparan at plano para sa paghahatid ng mga ito.

Update ukol sa mas malawakang pagreporma

Remediation o ang pagtitiyak na ligtas ang mga gusaling tinitirhan

Sinusubaybayan ng Ministry of Housing, Communities at Local Government (MHCKG) ang proseso ng remediation ng mga gusaling tinirhan na mas mataas kaysa sa 11 metro at may cladding na hindi ligtas. Noong katapusan ng Hulyo 2026, nasubaybayan ng MHCLG ang 4,697 ng mga gusaling ito.

Tinataya na may 64% hanggang 81% ng mga gusaling tinitirhan na mas mataas kaysa 11 metro ang inaasahang sakop ng programa ng remediation ng MHCLG.

Lumalabas na inumpisahan na ang remediation sa 2,551 gusali (54% ng sinusubaybayang gusali). Sa mga gusaling ito, nasagawa na ang remediation sa 1,833 gusali (39% ng mga sinusubaybayang building).

Kabilang dito ang progreso sa:

- Mga high rise building (na may taas na mahigit sa 18 metro)
- Mga mid-rise building (mula 11 hanggang 18 metro ang taas)

Mga reporma sa panlipunang pabahay o social housing

Itinapos na namin ang aming rebyu ng Right to Manage o karapatan upang mangasiwa at binibigyang konsiderasyon ang mga reporma sa prosesong ito upang mapalakas ang mga karapatan ng mga residente, pahusayin ang pananagutan, at gawing moderno ang mga patakaran sa pamamahala ng mga residente sa social housing. Kabilang sa mga ibang temang bibigyang konsiderasyon ay ang mahigpit na pagpapatupad ng mga patakaran kung mayroon mang malalang pamamahala na naghaharap ng mga residente sa panganib. Magpapatuloy kaming makikipag-ugnay sa mga residente, landlord at kumakatawang organisasyon at magbibigay ng karagdagang detalye ukol sa mga reporma sa darating na panahon.

Nagsasagawa kami ng ilang mga hakbang upang masuporta ang mga social housing provider na makipag-ugnay sa mga tenant upang mapaganda ang kalidad ng kanilang mga serbisyo sa pabahay at pakikipag-ugnay sa mga tenant. Naglabas na ang Social Housing Innovation Fund ng £2 milyon na pondo bilang grant sa mga 20 organisasyon upang mapahusay at masubok ang mga makabagong pakikitungo sa pakikipag-ugnay sa mga residente. Patuloy naming susubaybayan ang bisa ng mga proyekto at magbibigay ng mga pananaw ukol sa mga pinakamahusay na pamamaraan upang lumaganap ang pagpapatupad ng mga mabisang modelong ito.

Nagsagawa ang Parliamentary Under-Secretary of State Baroness Taylor ng konsultasyon sa mga tenant, landlord at kinatawan ng sektor upang malaman kung paano makipag-ugnayan ang mga tenant, social landlord at gobyerno upang malunasan ang stigma na hinaharap ng ilang mga residente.

Isang mahalagang bahagi ng aming tungkulin ay ang pakikipag-ugnay sa mga tenant upang masigurado na maririnig ang mga tinig ng mga residente habang pinagpapasyahan ang mga patakaran tungkol sa social housing. Heto ang ilan sa mga paraan kung paano kami makipag-ugnay sa mga residente:

- ang social housing Resident Stakeholder Forum
- ang aming Resident Panel

Sa quarter na ito, nakilahok ang Resident Panel sa mga diskusyon kung paano mabigyan ang mga residente ng kontrol sa mga serbisyo kaugnay ng kanilang housing, ang karapatan ng mga landlord na pumasok sa mga tirahan upang magsagawa ng safety check, at ang mga service charge para sa lahat ng mga tenure.

Napagkasunduan namin dati na i-extend ang Freedom of Information Act 2000 sa mga Tenant Management Organisation (TMOs). Ang layunin nito ay upang palakasin ang transparency at pananagutan sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang mga tenant ng mga TMO ay may parehong karapatan ayon sa batas na mag-akses ng impormasyon tungkol sa pamamahala ng kanilang pabahay tulad ng ibang mga local authority tenant. Nagsagawa kami kamakailan ng isang targeted consulation tungkol sa mga panukala na direkta sa mga TMO, at nagsara ito noong ika- 8 ng Mayo 2026. Bibigyan namin ng masusing konsiderasyon ang mga tugon galing sa konsultasyon bago ipahayag ang mga susunod na hakbang.

Handa ang gobyerno na panatilihin ang rebyu ng regulatory at redress system para sa sektor ng social housing, at bilang bahagi ng pangakong ito, ay nagkomisyon ng isang ebalwasyon sa loob ng 4 na taon ng mga kamakailang reporma na naglalayong pagandahin ang kalidad ng mga social home at bigyan ng kapangyarihan ang mga social tenant, Gagamit ang ebalwasyon ng malawakang datos mula sa mga departamento at sektor upang suriin at iulat ang bisa ng mga repormang ipinatupad ng gobyerno at kung gaano ito nakaapekto sa mga tenant.

Pagiging transparent at pangangasiwa

Ayon sa mga rekomendasyong isinagawa ng Grenfell Tower at Infected Blood Inquiries at ng House of Lords Statutory Inquiries Committee, sang-ayon kami na mahalaga ang tungkulin ng Parliament sa pagpapatupad ng gobyerno ng mga rekomendasyon mula sa mga inquiry.

Kasalukuyang pinag-aaralan ng Public Administration and Constitutional Affairs Committee (PACAC) kung paano maipapatupad ng Parliament ang tungkuling ito. Nakatanggap ang Komite ng nakasulat na ebidensya mula kina:

- Carl Macrae, Propesor ng Organisational Behaviour and Psychology, University of Nottingham, at Charles Vincent, Propesor ng Psychology, University of Oxford, at Emeritus Professor ng Clinical Safety, Imperial College London
- INQUEST
- Gobyerno ng UK – Cabinet Office
- The Haemophilia Society

- Mr Keith Conradi, dating Chief Inspector ng Air Accidents Investigation Branch at Chief Investigator ng Healthcare Safety Investigation Branch
- Professor Andrew Williams, Propesor ng Law at University of Warwick and Namumuno sa ‘Reimagining Public Inquiry’ project
- Hleb Buziuk, independent public policy and governance researcher
- Dr Emma Ireton, Associate Professor sa Law sa Nottingham Law School, Nottingham Trent University

Dagdag pa rito, nakatanggap sila ng oral na ebidensya mula kina:

- Sir Brian Langstaff, Chair ng Infected Blood Inquiry, at Jenni Richards KC, Counsel ng Infected Blood Inquiry
- Lord Norton, Chair ng Statutory Inquiries Committee
- Professor Andrew Williams, Pinuno ng ‘Reimagining Public Inquiry’ project
- Rosanna Ellul, Policy and Parliamentary Manager, INQUEST

Nagpapatuloy ang inquiry ng PACAC at malamang na matapos ito sa unang bahagi ng 2027.

Buod ng update ng mga rekomendasyon

Nagbibigay ang seksyong ito ng buod ng balita ukol sa mga naisagawa na upang mapatupad ang mga rekomendasyon mula noong progress report noong Mayo 2026. Ito ay igrinupo ayon sa mga tema na ginamit ng Inquiry.

Maaaring makita ang mga detalyadong ulat sa lahat ng mga rekomendasyon:

- ang industriya ng konstruksyon
- ang fire at rescue services
- ang pagtugon at pag-recover
- mga bulnerableng tao at mga rekomendasyon ng Phase 1

Ang industriya ng konstruksyon

Single construction regulator

Noong Enero 2026, itinatag ang Building Safety Regulator (BSR) bilang isang bagong ahensya sa pamamalakad ng Ministry of Housing, Communities at Local Government. Noong Hunyo 2026, pormal na naglipat ng mga empleyado sa bagong ahensya at ganap na isinagawa ang buong paglipat ng BSR mula sa Health and Safety Executive. Ito ay mahalagang hakbang sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng Inquiry upang mabawasan ang hindi nagkakaisang pamamalakad sa sektor ng konstruksyon ngayong nabuo na ang Single Construction Regulator.

Noong ika-17 ng Disyembre 2025, inilathala namin ang Single construction regulator prospectus: consultation document. Kinumpirma ng prospectus ang pananagutan ng gobyerno sa rekomendasyon ng Inquiry at isinaad ang aming hangaring malampasan pa ito habang inihahatid namin ang single regulator. Isinara ang konsultasyon ukol sa prospectus noong ika-20 ng Marso 2026. Inilathala namin ang tugon ng gobyerno sa prospectus consultation noong ika-9 ng Hulyo 2026.

Reporma ukol sa mga produktong pang-konstruksyon

Ang Construction Products Reform White Paper consultation ay nagsara noong Mayo, pati na rin ang General Safety Requirement para sa Construction Products consultation upang isailalim sa regulasyon ang mga produktong hindi kasalukuyang sakop ng kasalukuang patakaran para sa mga produktong pang-konstruksyon.

Sinusuri namin ang mga tugon mula sa konsultasyon upang mabigyang direksyon ang mga panukala kabilang dito ay kung paano isusulong ng gobyerno ang pagpapatupad ng mga rekomandasyon ng Inquiry 13, 14 at 24. Layon naming ilathala ang mga tugon ng gobyerno sa parehong konsultasyon sa huling bahagi ng taong ito, at magharap ng panukalang batas kung mararapatin ng Parliamentary time.

Mga inaprubahang dokumento

Ang konsultayson ng Building Safety Regulator sa mga pagbabago sa Approved Document B na isinara noong ika-1 ng Hulyo 2026. Mahigit na 500 na tugon ang natanggap, mahigit sa dobleng sagot na natanggap sa konsultasyon sa pangalawang hagdan o second staircases. Sinusuri na ngayon ng Building Safety Regulator ang mga tugon, at ang mga ito ang magbibigay direksyon para sa mga irerekomendang pagbabago sa Approved Document B.

Bukod dito, nagpapatuloy ang pagsiyasat sa Fundamental Review of Building Regulations guidance, na pinag-aaralan kung paano mapapabuti pa ang mga Approved Documents at iba pang patakarang itinakda ng gobyerno.

Mga Fire risk assessors

Isinusulong na namin ang paghatid ng rekomendasyon 26 ng Grenfell Tower Inquiry sa pamamagitan ng pagbuo ng mga panukala upang magharap ng inoobligang akreditasyon para sa mga fire risk assessor. Matapos ang pagsara ng konsultasyon noong Hunyo 2026, sinusuri namin ang mga sagot at bumubuo ng mga patakarang magbibigay direksyon sa mga pangunahing lehislasyon sa darating na panahon, ayon sa Parliamentary time. Magtatatag ito ng independyente at beripikadong requirement para sa kakayahan at magbibigay suporta sa mas propesyonal na istruktura ng sektor. Ilalathala ang tugon ng

gobyerno sa Q4 (Oktubre hanggang Disyembre) at magsasaad ng ating pamamalakad at susunod nahakbang.

Mga fire engineer

Itinatag na namin at nakikipag-ugnay na sa Fire Engineers Transitional Board na magbibigay ng bihasang suporta at payo sa MHCLG sa susunod na bahagi ng reporma sa propesyon ng fire engineering.

Bilang pagbibigay suporta sa rekomendasyon16, nakalaan ang pondong £13 milyon para sa mga higher education institution sa pamamagitan ng bukas na competitive process, upang mapabuti ang kakayahan ng mga propesyonal sa fire engineering. Ang mga mabibigyan ng pondo ay aatasang gamitin ito upang madagdagan ang mga pagkakataong umabot sa mas mataas na antas ng pag-aaral (higher education), magbigay ng mga studentship para makapag-aral ng masters at madagdagan ang pananaliksik at akademikong kagalingan sa fire engineering.

Mga Fire at rescue service

Kolehiyo ng Fire and Rescue

Nagsagawa kami ng pampublikong konsultasyon sa College of Fire and Rescue mula ika-20 ng Mayo hanggang ika-15 ng Hulyo 2026, at nakipag-ugnay sa mga pangunahing stakeholder upang talakayin ang mga mahalagang punto tungkol sa layunin ng kolehiyo, ang sakop nito at disenyo. Tumututok na kami sa pagsuri ng mga sagot sa konsultasyon, pagbuo ng mga patakarang isasad sa pormal na tugon ng gobyerno sa konsultasyon, at nagpaplano na para sa pagpapatupad ng kolehiyo.

Pambansang paggabay, training at suporta

Mula noong huling progress report, 5 nang mga rekomendasyon ng fire at rescue service ang ipinatupad. Binago na ang Operational Learning Process na siniyasat ng London Fire Brigade at dumaan sa independyenteng peer review. Naglathala ang National Fire Chiefs Council (NFCC) ng mas bagong operational guidance at sumusuportang materyales para sa training sa komunikasyon gamit ang radyo, pagsasagawa ng desisyon at mga sistema ng water supply upang matiyak na ang mga firefighter o bumbero ay may mas mabuting kakayahang tumugon sa mga kumplikadong insidente nang ligtas at mabisa. Patuloy rin kaming tumutulong sa implementasyon sa buong sektor sa pamamagitan ng mga operational guidance workshop. 48 workshop na ang naihatid sa loob nang 18 buwan.

Pagresponde at pag-recover

Maganda ang naging progreso ng gobyerno sa paghatid ng mga rekomendasyong kaugnay ng pagresponde at pag-recover. Mula noong huling progress report, ganap na natapos at ipinatupad ang mga rekomendasyong 42 at 44. Nagtakda ang mga ministro ng Cabinet Office ng mga paraan upang mapalakas ang interbensyon kung hindi tumugon nang karapat-dapat ang isang Category 1 responder. Nagbigay din kami ng programa sa mga lokal na responder bilang paalala sa resilience guidance.

Sa ngayon, nagharap kami ng mga mas bagong National Resilience Standard draft para sa konsultasyon, nagdagdag ng bagong Human Aspects Standard at pinatatag ang mga guideline sa boluntaryo, komunidad at faith sector o pananampalataya. Sa pagsagawa nito, ginamit din namin ang datos mula sa 2026 National Capabilities Assessment upang higit na mapagbuti ang mga konsiderasyong makatao.

Dagdag pa rito, nagtatag ang gobyerno ng 5 Chief Resilience Officer-led ‘Stronger LRF Trailblazer’ na mga area, nagtagumpay na maglunsad ng bagong co-designed LRF peer review protocol na ilalathala sa Q3 (Hulyo hanggang Setyembre) 2026 at nag-umpisang suriin ang mga non-statutory na patakaran at mas bagong protocol para sa mga interbensyon ng gobyerno. Itong mga tagumpay na ito ay tumutugma sa mas malawakang inisyatibo para sa government resilience, kabilang dito ang parating na public communications campaign na nakatakdang ilunsad sa huling bahagi ng taong ito upang mapahusay ang pagiging handa ng mga bahay at komunidad, kasabay ng opisyal na Call for Views sa Civil Contingencies Act, upang mangolekta ng ebidensya para sa isang rebyu pagkatapos ng implementasyon nito.